# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV
# Yunit IV
# Modyul Blg. 18

# Wastong Pamamahala

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nasubukan mo na bang humawak ng isang tungkulin. Halimbawa: aalis ang iyong ina ng isang linggo at napagbilinan kang pamahalaan ang inyong tahanan at mga kapatid. Ibinigay sa iyong ang *budget* para sa isang linngo. Ikaw ang magbibigay ng baon sa iyong mga kapatid at mamimili ng inyong pagkain. Naisip mo bang mahirap na gawain ito? Ano ang iyong naramdaman habang wala ang iyong ina at ikaw ang namamahala sa inyong tahanan?

Ang pagkatiwalaan ka ng isang tungkulin ay napakalaking pananagutan. Ang iyong kalayaan sa pagpapasya ay tiyak na masusubok. Maaaring isipin mong pagkakataon mo na upang mapagalitan ang kapatid mong matigas ang ulo. Maaaring bawasan mo ang pambili ng ulam upang mabili mo ang iyong mga personal na pangangailangan. Ngunit kung ikaw ay sadyang responsable, kapakanan ng iyong mga kapatid ang iyong uunahin.

Napansin mo bang ito ay pamumuno at pamamahala pa lamang ito sa loob ng tahanan. Subalit maaaring maabuso ito. Kung tutuusin, paano pa kung ang iyong pamumunuan ay ang buong bansa at ang ating kaban ng yaman? Naisip mo ba kung gaano karaming pera mayroon ang ating bansa?

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*LC 4.7 Nakapagmumungkahi ng solusyon sa mga isyung may kinalaman sa paggamit ng kapangyarihan (graft and corruption)*

A. Naipaliliwanag ang mga isyung pinagmulan ng pag-abuso sa paggamit ng kapangyarihan
B. Naipahahayag ang sariling damdamin tungkol sa kapakanan ng bansa at ng mga mamamayan
C. Nakapagmumungkahi ng mga solusyong tutulong sa paglutas ng suliranin sa paggamit ng kapangyarihan

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi

ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Subukin mo ngang alamin kung gaano ang iyong nalalaman sa mga isyu tungkol sa pamumuno ng isang bansa. Marahil ang mga ito ay natalakay na sa inyong klase sa Araling Panlipunan at ang iba ay iyong nabasa sa mga pahayagan.

Tukuyin ang binibigyang kahulugan ng bawat pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba.

1. Ahensiya ng pamahalaan na masusing nag-iimbestiga sa katiwalian ng mga manggagawa at pinuo sa pamahalaan
2. Isang proseso ng pagpapatalsik sa mga matataas na pinuno ng pamahalaan sa mga akusasyon ng pagnanakaw sa kaban ng bayan.
3. Mga pangyayari at isyu na may kinalaman sa mga katiwalian at nakawan sa kaban ng pamahalaan
4. Ahensiya ng pamahalaan na tumitingin sa mga pinansyal na katayuan ng mga ahensiya ng pamahalaan kasama ang pagpasok at paglabas ng pera sa bawat ahensiya
5. Isang dokumento na nilalagdaan ng mga manggagawa at pinuno ng pamahalaan na naglalarawan ng kanilang angking kayamanan, pinagkakakitaan at mga ari-arian sa loob ng isang taon
6. Lihim na transaksiyon ng ***ilang*** mga pinuno at manggagawa ng pamahalaan sa mga mamamayan na kumukuha ng kabayaran kapalit ng pabor na ibinibigay
7. Paglalagay ng mga kamag-anak sa mga katungkulan sa mga ahensiya ng pamahalaan

8. Isang organisasyong binuo upang magmasid at mag-ulat ng mga katiwalian sa pamahalaan
9. Isang kaso ng labis na paggasta at pagkuha sa kaban ng bayan ng walang kaukulang impormasyon sa kinauukulan at walang wastong proseso
10. Ugat ng *graft and corruption*.

| | |
|---|---|
| Commission on Audit | Graft and corruption |
| Red tape | Citizens' Graftwatch |
| Ombudsman | Impeachment procedure |
| Plunder | Nepotismo |
| Supreme Court | Kasakiman |
| Statement of Assets and Liabilities | Kontrata |

## II. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. I

Suriin ang mga karikatura (*caricature*) na nasa bawat kahon. Isulat ang iyong interpretasyon sa bawat isa.

1.

Interpretasyon/Paliwanag________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2.

Interpretasyon/Paliwanag___________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

3.

Interpretasyon/Paliwanag___________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

4.

Interpretasyon/Paliwanag___________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

**Sagutin Mo**

1. Saan mo karaniwang nakikita ang mga ganitong *caricature*?
2. Ano ang iyong kabuuang damdamin sa mga ilustrasyong natunghayan?
3. Ano ang kabuuang mensahe ng mga ilustrasyon?

## Gawain Blg. 2

Basahin mo ang mga sumusunod na programa ng pamahalaan. Sa ibaba nito ay iyong isulat ang maitutulong nito sa paglutas ng suliranin sa pag-abuso sa kapangyarihan.

1. **LIFESTYLE CHECK** – Naglalayong suriin, imbestigahan ang paraan ng pamumuhay ng mga pinuno at mga manggagawa ng pamahalaan. Kasama dito ang pagtingin sa *Statement of Assest and Liabilities* na isang dokumentong nilagdaan ng bawat isa na inilalarawan ang katayuan sa pananalapi katulad ng kinikita sa ahensya ng pamahalaan na pinaglilingkuran at iba pang personal na yaman.

Bawat pagtatapos ng taon ay kinakailangang isumite ang ganitong dokumento bilang patunay na ang halaga ng iyong kinikita ay sapat sa iyong pamumuhay o kung akma sa istilo ng iyong pamumuhay ang iyong kita sa pamahalaan. Ang iyong kakayanan sa pagbili ng karagdagang ari-arian ay makikita sa dokumentong ito. Mananagot at sasailalim sa imbestigasyon ang isang kawani ng pamahalaan na mapapansing lumalabis pa sa kita ng kabuhayang naipupundar sa loob ng isang taon. Dito ay maaaring makita ang red tape, under-the-table, at nepotismo.

Mabuting dulot para sa empleyado at mamamayan ng bansa:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. MORALITY CHECK – naglalayong suriin ang uri ng pamumuhay ng isang kawani ng pamahalaan. Bagamat nakasaad sa *magna carta* at *code of ethics* ng isang kawani ng pamahalaan ang pagkakaroon ng malinis na pamumuhay, ang *morality check* ang sisigurong naisasakatuparan ito. Sinasakop nito ang pagkakaroon ng iisang pamilya, hindi paglustay ng pera sa mga bisyong tulad ng sugal, alak at iba pang bisyo.

Mabuting dulot para sa empleyado at mamamayan ng bansa:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. LOYALTY CHECK – naglalayong suriin ang katapatan ng isang kawani ng pamahalaan sa kanyang ahensya at bansang pinaglilingkuran. Ang pagiging matapat ng isang empleyado sa kanyang tungkulin ay kanyang sinumpaan pagpasok pa lamang nito sa pamahalaan. Ang kanyang *oath* ay kanyang winika at pinirmahan kayat inaasahan ang kanyang katapatan sa ahensyang ito at sa ating bansa. Ang kanyang panunumpa ay patunay ng kanyang pagsunod at pagtupad sa mga tungkuling nakaatas sa kanya.

Mabuting dulot para sa empleyado at mamamayan ng bansa:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## Sagutin Mo

1. Pamilyar ba sa iyo ang mga nabanggit na mga programa ng pamahalaan sa pagpapanatili ng kaayusan sa mga kawani ng pamahalaan?
2. Ano ang iyong maimumungkahi upang maipatupad ang mga programang ganito nang maayos?
3. Kung ikaw ay namumuno sa pamahalaan, anu-ano pang programa ang maaari mong gawin upang maiwasan ang korupsyon sa pamahalaan?

## Gawain Blg. 3

Naniniwala ka bang maaari kang makatulong sa pagsugpo ng korupsyon sa ating bansa? Kung ganoon, isulat mo kung ano gagawin mo sa mga sumusunod na sitwasyon:

A. Minsan kang sumama sa iyong ama na nagpapasada ng *jeepney*. Nahuli ang iyong ama dahil sa isang *trafic violation*. Agad na inabutan ng iyong ama ng pera ang pulis kaya hindi nakuha ang kanyang lisensya.

Ano ang iyong gagawin mo? ______________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

B. Dahil sa pakikipagbarkada, maaari kang bumagsak sa taong ito? Nalaman ito ng iyong mga magulang kaya nagbalak silang pumunta sa inyong paaralan upang kausapin ang iyong mga guro at ibigay kong ano man ang maaaring maging kapalit ng mga markang magpapasa sa iyo?

Ano ang iyong gagawin mo? ______________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

C. Isinama ka ng iyong ina sa pagbabayad ng buwis ng inyong lupa. Napakahaba ng pila. Kawawa naman ang iyong ina. Habang nakatayo ka ay nakilala mo ang kahera at ngumiti siya sa iyo. Nanay siya ng matalik mong kaibigan. Ano ang gagawin mo?

Ano ang iyong gagawin mo? ______________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

D. Patapos na ang taon ng iyong pag-aaral at nagpapapirma na lamang kayo ng *clearance* sa inyong mga guro. Naisoli nyo na ang mga aklat at lahat ng bayarin ay natapos na. Subalit nagulat kayo ng humingi ang isa nyong guro ng *chalk, pentel pen, eraser* ng *blackboard*. Ano ang gagawin mo?

Ano ang iyong gagawin mo? ______________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________


**Sagutin Mo:**

1. Nahirapan ka bang isipin kung ano ang dapat mong gawin sa bawat sitwasyon? Bakit?
2. Ano ang iyong isinaalang-alang sa pagsagot sa bawat sitwasyon?
3. Bakit madalas ay hinahayaan na lamang natin at pinalilipas ang mga pagkakataong inaabuso tayo tayo ng ating kapwa?
4. Bakit kung minsan ay nais mo ring gawin ang magsamantala sa iyong kapwa tulad ng pag-bibigay ng suhol sa pulis, paggamit sa kakilala upang mapadali ang gawain?
5. Naniniwala ka bang kung minsan ay bahagi ka rin ng korupsyon? Ipaliwanag.

# IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Marahil ay naunawaan mo na ngayon na malawak ang nasasakop ng salitang *graft and corruption*. Hindi lamang ito nauukol sa mga kawani at pinuno ng ating pamahalaan. May mga mumunti rin tayong gawain na nagpapahintulot ng pag-abuso sa kapangyarihan.

Mula sa mga naging gawain, isulat mo sa palaso ang mga paraan mong gagawin upang maiwasan ang korupsyon, hindi lamang sa pamahalaan kundi maging sa iyong kapaligiran.



## V. Pagpapatibay

Ang pagpapanatili ng katapatan sa paglilingkod ay tungkulin ng bawat mamamayan. Ang hindi mo pagkibo at ang iyong pag-ayon ay pakikibahagi na rin sa paggawa ng masama.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo
## VIII. Sanggunian

## Susi sa Pagwawasto